MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS ISSN: 2546-0536

# HANEP
Basahin Mo Ito!

Taon 5 Blg.3 Mayo 25-31, 2020 P10.00

# BILYONG GASTOS SA PAGBUBUKAS NG KLASE SA CAVITE

pahina 2

*Sa panahon ng epidemya...*

## DONASYON MULA SA SARILING BULSA; MILYONES, NALIKOM NG KAPULISAN

p.12

## CARMONA STARTS CCT APP FOR TOWN'S COVID-19 MITIGATION EFFORTS

p.5







**#WeGotYouMom**
**Congratulations** to ***JA VIPINOSA ASIS*** for winning our Food Styling Challenge! Send us a PM for details on how to claim your prize.
**#CelebrateMomsDayWithSM**

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0929-8127638

# BILYONG GASTOS SA PAGBUBUKAS NG KLASE SA CAVITE

**NASA bilyones ang halagang gugugulin ng pamahalaang lokal ng Cavite kung isasakatuparan ang year 2020-2021 school opening sa darating na Agosto 24 sa lalawigan.**

Batay sa FB post ni Cavite Governor Jonvic Remulla, kailangan umanong mag-invest ng isang bilyong piso.

Ang P1-B ay ilalaan sa free wifi at 15,000 computers na ikakabit sa buong Cavite.

Isinasaad sa post na matutugunan naman subalit kukulangin umano sa paghahanda o oras at ang pahintulot na magmumula sa National Government.

Nabatid na labis na nagaalala si Gov. Remulla para sa naturang pagbubukas ng klase.

Dapat umanong matutugunan ang mga pasilidad kagaya sa hand washing na nakalagay sa bawat paaralan.

Isa rin sa ikinokonsidera ay ang targeted testing sa mga guro at mass testing sa lagat ng mag-aaral.

Nilinaw ng gobernador na ito ay hindi isang beses (one time) lamang isasagawa bagkus ay iikot sa loob ng isang taon.

Kabilang din sa tinitingnan na suliranin ay ang tungkol sa transportasyon para sa mga estudyante.

Higit sa pinagtutuunan ng pagsasaliksik ay ang pangamba ng mga magulang para sa kanilang mga anak kung libre na nga ba sa banta ng covid-19.

Nabatid na pinag-aaralan din na ang mga Barangay covered basketball courts ay gawing alternatibong remote learning centers.

Sa kasalukuyan ay patuloy pa rin ang gobernador sa pakikipagtalastasan sa mga kinauukulan kabilang ang mga alkalde at mga kongresista para sa angkop na solusyon sa mga nasabing problema.

Matatandaang gumawa ng survey si Vice Governor Jolo Revilla hinggil sa usaping ito.

Lumitaw sa resulta ng survey na higit na nakararami ang hindi sang-ayon sa pagbubukas ng klase sa Agosto at hindi rin payag ang mas maraming magulang na pahintulutan ang kanilang mga anak sa pagpasok sa paaralan habang wala pang natutuklasang gamot o bakuna sa covid-19. **ROMY SANTOS**

# PGC issues guidelines to assist locally stranded individuals

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA)** -- The provincial government here laid out the guidelines for the assistance to locally stranded individuals (LSIs) in different cities and localities in the province.

LSIs can be workers, students, tourists, individuals stranded in different localities while in transit and other stranded individuals who expressed their intention to return to their place of residence/home origin.

The process will start with the notification of the LSI to the barangay for the desire to return to their hometown with the latter gathering information like name/s of the individual/s, place of origin and destination, estimated date of travel and the name of driver and information about the vehicle to be used.

This information will then be forwarded to the LGU thru the Local COVID-19 Task Force to facilitate the issuance of pertinent documents needed prior to departure.

The documents include a medical clearance certification issued by the City/ Municipal Health Office certifying that: LSI is neither a contact, suspect, probable nor a confirmed case, and; had undergone 14-day quarantine before departure, of it the LSI was a confirmed case, he/she had tested negative with the RT-PCR test twice.

Travel Authority (TA) will be issued by the Commander, Provincial JTF CV Shield for intercity/municipality travel within the province while the Commander, Regional JTF CV Shield will issue the TA for transfer from one province to another province of the same region (intraregional), and for travel from one region to another region, the Travel Authority will be issued by the Commander JTF CV Shield.

With the completion of above documents, LGU of origin will coordinate with the receiving LGU for the unimpeded travel of the LSI.

It should be noted that receiving LGUs shall not deny entry of LSIs with complete documents provided that proper coordination was made thru the appropriate Task Force. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from the official Advisory post of the Provincial Government of Cavite)**

# LGU Imus extends help to SAP beneficiaries not included in payout

**Imus City, Cavite (PIA)** -- The local government here announced the granting of financial aid to qualified beneficiaries of the Social Amelioration Program (SAP) of the Department of Social Welfare and Development (DSWD) but was not included in the payout distribution.

To address the problem, Mayor Maliksi established the Imus Grievance and Redress Committee Hotline number that focused on the complaints of the affected Imuseños with thousands of beneficiaries that turned out from this service.

Thus, the city government came up with their financial subsidy programs: the Imus Expanded SAP amounting to Php6,500.00 cash aid to be given to eligible household qualified under the DSWD SAP national program but were not included in the payout, and the Lingap Imuseño Assistance program amounting to Php2,000.00 to be given to all eligible household that were not qualified under the programs of the DSWD like the SAP, 4Ps, Senior Citizen pension; Imus Extended SAP; DOLE TUPAD, CAMP and all other financial aid of any other agencies under the national government.

Mayor Maliksi was grateful for the combined efforts of the employees of the City Social Welfare and Development Office, City Treasurer's Office, Liga ng mga Barangay, and other volunteer personnel from the different offices of the city government who tirelessly evaluated and processed the applications of said beneficiaries.

He proudly said, "Ulanin man ng batikos, buo ang loob ng bawat isa na manatili sa pagseserbisyo, umulan man o umaraw, umagahin man at dilimin, hindi alintana ang pagod at panganib sa kalusugan ng bawat isa makapaglingkod lamang. Maraming salamat sa inyo."

(No matter what they say, everyone is determined to stay in the service, whether it rains or shine, whether it be sunny or dark, regardless of the fatigue and danger to the health of each individual. Thank you very much.)

The city government will announce the distribution schedule soon on its official Facebook page and on Mayor Maliksi's FB account. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite with reports from Mayor Maliksi FB page)**

# Live wire naihian, helper nangisay

**NASAWI** ang isang 46-anyos na helper nang nakuryente matapos na naihian ang isang steel wiring sa kanyang pinagtratrabahuan sa Bacoor City, Cavite.

Dead on the spot ang biktimang si Jose Gines, ng Brgy Campo Santo 1, Moncada, Tarlac.

Sa ulat ni Pat Jerome Asid, ng Bacoor City Police Station, ang biktima ay nagtratrabaho bilang helper sa isang trucking company kung saan may ginagawang proyekto sa Breeze Woods 1 Phase 2, Brgy Mambog 1, Bacoor City.

Dakong alas-10:00 Biyernes ng umaga habang naka-break ang mga empleyado ay umalis ang biktima at umihi sa isang madamong lugar.

Gayunman, ilang oras na ang nakakaraan ay hindi pa rin bumalik ang biktima kaya hinanap ng mga kasamahan kung saan natagpuan sa isang madamong lugar na nakadapa at wala ng buhay.

Hinihinalang nakuryente ito kung saan naapakan at naihian ang isang steel wiring sa lugar.

Isasailalim sa awtopsiya ang katawan nito upang malaman kung ano ang dahilan ng kanyang pagkamatay at kung may naganap na foul play. **GENE ADSUARA**

# Lucena City, COVID-19 free na matapos gumaling ang 4 na pasyente

**LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA)**- Inihayag ni Lucena City Mayor Roderick Alcala na COVID-19 free na ang lungsod ng Lucena makaraang gumaling ang natitirang apat na pasyente na naging positibo sa corona virus disease.

Sa panayam, sinabi ng alkalde na ang natitirang apat na pasyente na naka-recover o gumaling na ay mula sa mga Barangay ng Isabang, Cotta, Barangay 11 at Mayao Kanluran.

"Ang lungsod ng Lucena ay may naitalang 29 na positive cases ng COVID-19 subalit ang mga ito ay nabawasan ng 25 na mga gumaling na hanggang sa naka-recover na rin ang natitirang apat na pasyente kung kaya't naging COVID-free na ngayon ang lungsod at wala tayong naitalang casualty", sabi pa ng alkalde.

Nagpasalamat din ang alkalde sa lahat ng mga tumulong upang gumaling ang mga pasyente na nagpositibo sa COVID-19 kagaya ng Quezon Memorial Hospital na siyang nagpagaling sa mga pasyente gayundin sa Pamahalaang Panlalawigan ng Quezon at nasyonal na pamahalaan.

Gayundin sa Grand Riviera Hotel na naging isolation area ng mga persons under investigation sa COVID-19 at maging sa Lucena PNP, SOLCOM at mga barangay officials na katuwang sa kampanya kontra sa paglaganap ng COVID-19

Ayon pa sa alkalde, bagama't naging COVID-19 free na ang lungsod ng Lucena noon pang Mayo 19, patuloy na ipatutupad ng pamahalaang panglungsod at ng Inter-Agency Task Force- COVID 19 ang lahat ng mga precautionary measures sa buong lungsod ng Lucena upang makaiwas ang mga lokal na residente sa COVID-19 kagaya ng pagpapatupad ng social distancing at paggamit ng facemask.

Samantala, nagbigay babala din si Alcala sa mga may ari ng tindahan na sundin ang mga guidelines sa operasyon ng kanilang mga negosyo o tindahan kagaya ng pagpapatupad ng physical distancing at paggamit facemask ng mga mamimili.

Ang lungsod ng Lucena ay sumailalim na sa General Community Quarantine (GCQ) noon pang Mayo 16. **(Ruel Orinday-PIA-Quezon)**

# Mekaniko patay, motor bumangga

**PATAY** ang isang 38-anyos na mekaniko nang bumangga ang minamanehong motorsiklo sa isang center island sa Imus City, Cavite.

Kinilala ang biktima na si Arnold Arao, may-asawa, ng Marycris Complex, Pasong Camatchile, Gen Trias City, Cavite.

Sa ulat ni PSSgt Jury Rayco, ng Imus City Police Station, dakong alas-7:15 ng gabi nang naganap ang insidente kung saan minamaneho ng biktima ang kanyang motorsiklo patungo sa direksiyon ng Aguinaldo Highway.

Pagsapit sa Daang Hari Road, Brgy Pasong Buaya 1 ay nawalan ng kontrol ang motorsiklo at bumangga sa center island at tumama ang ulo ng biktima na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan. **GENE ADSUARA**

# USAP LANG

JUNE BILLONES
0929-8127638

## Artista, ipagbawal sa pangangampanya?

**NAGLALARO** pa sa halos dalawang taon bago ang pagsapit ng eleksiyon.

May 2020 pa ang nakatakdang national and local elections sa ating bansa.

Matagal at malayo pa upang pag-usapan ang tungkol sa halalan.

Medyo related nga lamang sa eleksiyon pero ang talagang sentro ng ating usap ay tungkol sa mga artista.

Usapang showbiz muna tayo hehehe…

Hindi naman maikakaila kung gaano kalakas ang hatak ng mga artista sa publiko.

Mayroong kanya-kanyang artista na hinahangan, iniidolo si aktor o aktres.

Kaya naman ang iba ay bumubuo pa ng kanilang fans club para sa artistang idol nila.

Sila iyong mga tinatawag na solid o diehard fans, lahat ay halos gagawin para lamang sa kanilang iniidolo.

Ang mga panatikong tagahanga ay mistulang nakikipagpatayan pa sa kalabang grupo ng mga fans.

Halimbawa, mga tagahanga ni 'Petra' ay hindi papasapaw o padadaig sa mga fans ni 'Maria' kaya sila-sila ay nagbabangayan.

Nakakatuwa hindi po ba? Dahil lamang sa iniidolong artista ay nakahanda silang makipag-away.

Nakikita ang kasikatan ng isang artista depende sa kanyang mga tagahanga o supporters.

Gaano man karami ang fans, still ay artista pa din siya o sila na tinatangkilik ng publiko.

Bakit natin nasabi na mayroong kaugnayan ang artista kapag halalan.

Let's face it, maraming artista ang kinukuha ang serbisyo sa panahon ng kampanyahan ng ilang kandidato.

Ang tanong ay magkano ang budget sa isang artista during campaign period?

TY ba o thank you lamang? Walang talent fee o libre ba ang serbisyo?

Hindi po tayo masyadong aware sa larangan ng buhay-showbiz basta sa pagkakaalam natin ay may manager ang bawat artista.

Dumadaan ba ang kandidato sa manager para sa pakikipag-usap o direkta sa artista?

Wala po tayong ideya tungkol sa ganyang proseso, kung ang pagpapasya ba ay sa mismong artista o nakadepende sa manager.

Anyway, ang pinupunto lang naman natin ay ang epekto o advantage para sa isang kandidato kung nakuha ang serbisyo ng artista para sa pangangampanya.

Kumbaga ay patok sa takilya, dagsa ang tao kapag may artista ang kandidato sa kanyang miting de avanse.

Siguro naman kayo rin mismo ay napupuna ninyo ang ganitong sistema.

Ang dehado o talunan nga lamang ay iyong mga tinatawag na 'purdoy' na kandidato.

Walang kakayahan para sa talent fee kung may bayad nga ang serbisyo ng artista para sumama sa kampanya.

Usap lang, pabor pa ba kayo sa partisipasyon ng artista sa panahon ng eleksiyon?

Sa malinaw na katanungan ay dapat na bang pagbawalan ang mga artista na mag-endorso ng kandidato?

Tamang sabihin o ikatwiran na karapatan ng artista sa kung sino mang kandidato ang kanilang nais susuportahan at tutulungan.

Ang main issue ay ang payment sa kanilang appearance dahil ang may kakayahan lamang ay ang mayayamang kandidato.

Iba ang kaisipan at panaw ng mas nakararami, iyong tipong hindi maniniwala na TY lamang ang serbisyo sa kandidato ng artista.

Kaya ang punto ay pantay-pantay na lamang, walang presensiya ng artista sa kung sino mang kandidato kahit mayaman o mahirap sa panahon ng kampanyahan.

Kung ang isang artista ay talagang bukal sa kalooban ang pagtulong sa kandidato ay gawin ito sa simpleng pamamaraan sa pamamagitan ng donasyon basta ang dapat mamayani o mangibabaw ay hindi sila makikita sa ano mang event during election o campaign period.

Linawin lamang po natin, ito ay usap lang. 'Ika nga ay napapag-usapan lamang na pwede rin maikonsidera depende sa deliberasyon.

Kung mismong artista naman ang kandidato ay ibang usapan na iyan.

Taumbayan o mga botante na ang magpapasya.

# EDITORYAL

## Humingi ng awa sa sarili mo

**MATAGAL na panahon pa tayong malalagay at makikibaka sa tinatawag na 'abnormal life.'**

**Habang wala pang lunas o bakuna para sa covid-19 ay nananatiling ang isang paa natin ay napakabilis na mahahatak sa hukay.**

**Sigaw ng mga mararalita ay sila ang higit na apektado sa nararanasang krisis kumpara sa mga mayayaman.**

**Lahat ay apektado kaya naman ginagawa ng pamahalaan ang makakaya para sa laban na ito.**

**Patuloy din ang panawagan ng simbahan para naman sa taimtim na panalangin.**

**'Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.'**

**Kung sa palagay mo na hindi ka kuntento sa pangulo at ayaw o nahihirapan kang sumunod sa gobyerno at ang Diyos lamang ang iyong isinasaalang-alang ay ikaw mismo ay dapat tulungan ang iyong sarili.**

**Humihingi ka ng awa sa Diyos, kailangang humingi ka rin ng awa sa sarili mo.**


**ADVERTISING RATES**

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm


## FLECO pagagaanin ang pagbabayad sa kuryente ng Marso-Abril 2020

**BAY, Laguna (PIA)** – Magandang balita para sa mga consumer na sakop ng First Laguna Electric Cooperative, Inc. o FLECO sa lalawigan ng Laguna dahil pagagaanin nito ang pagbabayad ng bill para sa mga buwan ng Marso at Abril 2020.

Sa anunsyo ng FLECO sa opisyal na Facebook page nito noong Biyernes, Mayo 15, 2020, ipinaliwanag rito na hahatiin sa apat ang pagbabayad para sa electric bill ng mga consumer nito para sa mga buwan ng Marso at Abril 2020 nang walang karampatang surcharge o multa.

"Para po sa mga hindi pa nakakapagbayad ng March at April bills, ang babayaran sa mga nabanggit na billing months ay automatic na pong hahatiin at isasama sa May-August 2020 statement of accounts or electric bills," pahayag ng FLECO.

Halimbawang P800.00 ang total o kabuuang pinagsamang bill ng Marso at Abril, hahatiin ito sa apat (P800.00/4=P200.00) na kung susumahin ay magiging P200.00. Kung kaya't P200.00 ang siyang idadagdag na halaga sa bawat bill na matatanggap ng mga consumer sa mga buwan ng Mayo, Hunyo, Hulyo, at Agosto 2020.

Ito umano ay sang-ayon na rin sa atas ng Energy Regulatory Commission o ERC.

Ibinalita rin ng kumpanya na bumaba aniya ang "power rate" ngayong Mayo. Ipinaliwanag sa kanilang anunsyo na mula sa 9.6279/kWh nitong Abril, ang residential rate ngayong Mayo ay nasa 9.3298/kWh na lamang. Bumaba ito nang 0.2981/kWh ngayong buwan.

Dagdag pa rito, siniguro naman ng FLECO na ngayong buwan ay magsasagawa na ng actual reading o aktuwal na pagbabasa ng metro ng kuryente kaya naman maitatama na ang estimated electric bill ng mga consumer nito.

Paliwanag nito, "Ibig sabihin, kung mayroong sobrang consumption sa buwan ng Abril, ito po ay ibabawas na sa buwan ng Mayo. Kung nagkulang naman po ang estimated consumption, ito po ay dadagdag sa buwan ng Mayo."

Sakali aniyang may mga concerns, complaints, o reports ay maaaring tumawag sa 24/7 na emergency hotlines ng FLECO na 0917-503-7552 para sa Globe/TM at 0933-816-8117 para sa Smart/Sun.

Samantala, ang mga nagnanais magbayad ng kanilang electric bills ay maaaring magtungo sa payment centers at sa mismong FLECO offices na bukas mula Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

Sa kasalukuyan, mayroong kabuuang 84,385 na miyembrong "consumer owners" ang FLECO kung saan 68,281 na miyembro ang aktibo mula sa 11 bayan ng Ikaapat na Distrito ng Laguna.

Ang 11 lokalidad na sineserbisyuhan nito ay ang mga bayan ng Cavinti, Pagsanjan, Lumban, Kalayaan, Paete, Pakil, Pangil, Siniloan, Mabitac, Famy, at Sta. Maria. **(Joy Gabrido/ Impormasyon mula sa FLECO Official FB Page)**


HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!'** ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/ 09298127638

**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.*** papi

# NASITA SA CURFEW, NANAPAK NG PARAK

**SUNTOK sa mukha ang dumapo sa isang pulis-Cavite mula sa 21-anyos na aircon technician na inaresto dahil sa paglabag sa curfew sa Bacoor City, Cavite.**

Kasong paglabag sa Art 151 ng Revise penal Code at Direct Assault ang isinampa laban kay Rommel Ungos, ng Looban St., Brg Kaingen, Bacoor City, dahil sa reklamo ni Corporal Ruel Fermin Ambrosio , nakatalaga sa Longos Mobile Patrol ng Bacoor City Police Station (CPS).

Sa ulat ni Corporal Fidel Querejero III, ng Bacoor CPS, dakong alas-12:10 ng hatinggabi habang nagsasagawa ng pagpapatrulya si Ambrosio kasama si Corporal Rolly dela Cruz at ilang barangay tanod sa Brgy Maliksi 3 ay naispatan ang supek na pagala-gala.

Binitbit ang suspek sa tanggapan ng barangay subalit tumakas ito kaya hinabol hanggang sa naaresto ni Ambrosio.

Ikinagalit umano ito ng suspek kaya sinuntok sa mukha ang naturang pulis.

Ipinapairal ang curfew mula alas-8:00 ng gabi hanggang alas-5:00 kinabukasan ng umaga dahil sa Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ).

Ang suspek ay ikinulong sa Bacoor City Custodial Center. **GENE ADSUARA**

# Sinas, 18 pang opisyal ng PNP kinasuhan

**NAISAMPA** na ang kasong kriminal laban kay National Capital Region Police Officer chief P/Major General Debold Sinas at 18 iba pang opisyal at miyembro ng NCRPO kaugnay sa kontrobersiyal na 'Mañanita' sa kanyang kaarawan noong Mayo 8, 2020, sa Camp Bagong Diwa, Taguig City.

Nabatid na sa pamamagitan lang ng electronic filing naisampa ang reklamo sa Taguig Prosecutor's Office ng Philippine National Police-Internal Affairs Service (PNP-IAS), kung saan nahaharap si Sinas at 18 pang tauhan sa NCRPO na dumalo sa naganap na salu-salo.

Kasama ni Sinas bilang respondents sina P/Corporal's Bernie Lazaga, Abdumar Bakit, P/Major Britz Sales, P/Major Epream Paguyod,P/Lt. Col. Orlando Carag, P/Col . Maniel Abrugena, P/Col Ferdinand Ortega, P/Col Rodel Pastor, P/Col Tomas Frias, P/Col Emmanuel Peralta, P/Col Raul Tacaca, P/ Col Remus Medina, P/Col Eliseo Tanding, P/Brig. Gen Ildelbrandy Usana, P/BGen Gerry Galvan, P/ BGen Florencio Ortilla, P/ BGen Florendo Quibu¬yen at P/BGen Nicolas Bathan.

Sa memorandum ng PNP-IAS, ang mga respondents ay lumabag sa Republic Act No. 11332 o ang 'Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Health Concern Act', at Taguig City Ordinance kaugnay sa physical distancing.

Nahaharap din sa less grave neglect of duty ang mga respondents sa PNP-IAS dahil sa pagsuway sa Enhanced Community Quarantine (ECQ) protocol. **(leonard basilio)**

# Killer ng ex-police chief, natunton sa tulong ng FB

**ISANG** akusado sa pagpaslang sa da¬ting opisyal ng pulisya sa Maynila ang naaresto ng mga tauhan ng Regional Special Operation Group at Regional Mobile Force Battalion ng National Capital Region Police Office sa Sogod, Leyte kamakailan.

Kinilala ni NCRPO Director P/Major Ge¬neral Debold Sinas ang akusado na si Prelan A. Grama, may mga alyas na "Allan" at "Kalbo" at kilala rin sa pangalang Allan Arciento na may nakabimbing mga kasong murder, carnapping, at robbery sa Manila Regional Trial Court Branch 21.

Batay sa rekord, sangkot si Grama sa pagpatay noong Disyembre 27, 2015 kay retired P/Supt. Cipriano Herrera, dating hepe ng Manila Police District-Station 3, na kalaunan ay tumakbo at naupong chairman ng isang baranhay sa Maynila.

Sa pakikipag-ugna¬yan ng RSOG at RMFB sa Regional Intelligence Unit-NCR at local police sa Sogod, naisilbi kay Grama ang warrant of arrest dakong alas 7:00 ng gabi ng Mayo 16 sa Barangay Zone 5 sa nabanggit na bayan.

Nag-ugat ang pagkakaaresto kay Grama sa serye ng mga impormasyong nakuha sa kanyang social media account sa Facebook at sa ilang impormante na may 2-buwang isinailalim sa casing at surveilance ng RSOG at RMFB hanggang matunton sa nasabing lugar ang akusado na namamasukang construction worker doon. **(Leonard basilio)**

# COVID-19 testing laboratory sa probinsya ng Quezon, aprubado na ng DOH

**LUCENA CITY, (PIA)**— Inaasahang mapapabilis na ang pagsusuri at pagtukoy sa mga pasyenteng tinamaan ng nakahahawang sakit na coronavirus disease 2019 (COVID-19) sa probinsya ng Quezon matapos aprubahan ng Department of Health (DOH) ang kauna-unahan nitong COVID-19 testing laboratory.

Sa isang pahayag, masayang ibinahagi ni Quezon Governor Danilo Suarez na inaprubahan na ng DOH ang "biosafety level 2 plus" (BSL-2+) molecular diagnostic laboratory sa probinsya ng Quezon.

Ito ay matapos pumasa ang Lucena United Doctors Hospital and Medical Center, ang ospital na nangangasiwa sa laboratoryo, mula sa accreditation ng DOH upang ganap na makapagsimula ang operasyon ng molecular laboratory nito.

Dagdag pa ng gobernador, inaasahang mapapabilis ng BSL-2+ laboratory ang pagsusuri sa mga COVID-19 patients sa lalawigan dahil sa kakayahan nitong makapagsagawa ng 90 COVID-19 tests sa isang araw at makapaglabas ng resulta sa loob lamang ng dalawang araw.

"Nais po natin ibahagi ang magandang balita na approved na ng Department of Health ang ating COVID-19 bio-safety laboratory 2+. Dahil po dito, magkakaroon na po tayo ng sariling testing area at mapapabilis na malaman ang resulta," ani Gov. Suarez.

Ayon kay Gov. Suarez, ang nasabing laboratoryo ay naisakatuparan sa pakikipagtulungan ng Lucena United Doctor's Hospital Inc., City Government of Lucena at ng Pamahalaang Panlalawigan ng Quezon.

Noong Mayo 8, ay lumagda sa isang kasunduan si Gov. Suarez kasama ang pangulo ng ospital na si Dr. Gerardo Carmelo Salazar, at Lucena City Mayor Roderick Alcala para sa operasyon at pangangasiwa ng nasabing laboratoryo.

Ang BSL-2+ molecular laboratory ang ikalawang COVID-19 testing laboratory sa rehiyon ng CALABARZON na inaprubahan ng Department of Health.

Sa ngayon, nananatili ang lalawigan ng Quezon sa may pinakamababang kumpirmadong kaso ng COVID-19 sa rehiyon na ngayon ay nasa 79.

Batay sa datos na inilabas ng DOH Center for Health Development Region 4A ngayong Sabado, Mayo 16, 53 sa mga ito ay naitalang gumaling at naka-recover na mula sa nakahahawang sakit dahilan para bumaba ang bilang ng aktibong kaso ng COVID-19 sa lalawigan sa 18.

Kabilang naman ang lalawigan ng Quezon sa mga moderate-risk areas sa bansa na isasailalim na sa 'general community quarantine' simula Mayo 16 hanggang Mayo 31. **(FSC)**

# Lider ng BCG, dedo sa enGkuwentro

**PATAY** ang lider ng Bautista Criminal Group na responsable sa mga nakawan, carnapping at pagtutulak ng droga sa lalawigan ng Cavite sa isinagawang buy-bust operation sa Rosario, Cavite.

Kinilala ni PMaj. Joewi Bantoto Lucas, hepe Rosario Police Station, ang suspek na si Macris Bautista, 37, ng Brgy. Ligtong I, Rosario, nasa watch list ng pulisya at lider ng Bautista Group Criminal Gang.

Sa nakalap na ulat mula sa tanggapan ni Cavite Provincial Director Col Marlon Santos, dakong alas- 9:45 ng gabi nang naganap ang insidente sa Barangay Tejeros Convention kung saan nagsagawa ng buy bust operation ng pinagsanib na puwersa ng RSOU4A, PDEA4A at Rosario Municipal Police Station.

Isang pulis ang tumayong scorer at nakipagdeal sa suspek.

Nang maiabot ang iniskor ng shabu, ibinaba nito ang senyales upang dakmain ang suspek subalit nanlaban at tumakbo patakas habang pinagbabaril ang pulisya.

Dito na nauwi sa habulan at engkuwentro hanggang sa bumulagta ang suspek.

Narekober sa suspek ang may 10 plastic sachets na naglalaman ng mga shabu na aabot sa 4.70 grams na may katumbas na halagang P35,000, baril na ginamit, mga drug paraphernalias at drug money.

Ang suspek ay dating PUPC sa BJMP Cavite City para sa kasong paglabag sa R.A 9165. **GENE ADSUARA**



**KAHIT** umiiral ang Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) ay marami pa rin ang mga pasaway at lumilinya sa ipinagbabawal na gamot. Tulad ng suspek na si Alexander F. Bautista, ng Baui Ave., Tramo, Brgy. San Dionisio, P'que City, na nakumpiska sa kanya ang 3 pirasong plastic sachet ng shabu ng arresting officer na si Pstg Freddie Asul, ng SDEU P'que City Police Station, sa isinagawang buy bust operation. **(JIMMY HAO)**

# CARMONA STARTS CCT APP FOR TOWN'S COVID-19 MITIGATION EFFORTS

**CARMONA, Cavite (PIA) -- This municipality commenced its Carmona COVID-19 Tracker (CCT) app yesterday, one of the local government's mitigation efforts against the corona virus disease (COVID)-19.**

The application was developed by the Municipal Information Technology (IT) Unit headed by Municipal IT Officer Mr. Angelo Macha which could be installed on Android phones or iOS that will make contact tracing in the town much easier.

Early yesterday, members of the Municipal Information Technology (IT) Unit started posting QR codes on front doors and areas visible and accessible in establishments often frequented by the residents. The QR codes should be scanned by residents on their smart phones or iOS to input the log interaction feature of the CCT.

An orientation was conducted by Mr. Macha on May 18, 2020 together with Sangguniang Kabataan Chairpersons on the procedures for the use of the CCT, with the information they would disseminate to other residents.

Likewise, Atty. Roy Loyola also discussed in a meeting with industrial estate administrators, Carmona Business Club President, and PEZA manager via ZOOM the installation and use of the CCT app in their companies for the monitoring of their workers and employees.

For those that have not installed the application yet, they could just scan either one of the small QR codes (one for iOS and one for Android phones) found on the lower corners of the posted QR sheets.

For the residents who do not have a smartphone or cellphones, their barangay personnel or police officers will log them in.

Mayor Roy Loyola enjoins everyone saying, "Let us participate in the contact tracing efforts of the municipal government thru the installation and use of the Carmona COVID-19 Tracker app."

The CCT app could be installed by downloading these links; for Android phones: https://carmona.gov.ph/covid_tracker/app/cvapp-realease.apk while for iOS: https://carmona.gov.ph/pwa1/c19tracker. **(Ruel Francisco, PIA-Cavite with report from Atty. Roy Loyola's FB page)**

# 9 katao 'nasilo sa bato'

**SA KABILA** ng pagpapatupad ng General Community Quarantine (GCQ), patuloy naman ang transaksiyon ng droga kung saan siyam katao ang inaresto at nasamsam ang tinatayang P35K halaga ng shabu sa isinagawang buy bust operation sa magkakahiwalay na lugar sa Cavite.

Kinilala ang mga naaresto na sina Elmer Villalobos, 44, ng 199 Bgry. Malagasang 1-D, Imus City; Jonathan Saquilayan, 39, ng Bgry. Malagasang 1-E, Imus City; Oscar Alfonso Jr., 34, ng Purok 5 Bgry. Malagasang 1-E, Imus City; Armandito Torres, 42, ng Block 3 Lot 48 Stana Subdivision, Bgry. Malagasang 1-F, Imus City; Marlon Cuenca, 34, ng 60 Bgry. Malagasang 1-E, Imus City; Ryan Mendoza, 24, ng 532 Pag-Asa St., Brgy. Buenavista-3, General Trias City; Alfredo Pasuengo, 45, at asawa nitong si Cherry Altamerano, OFW, ng Daang NIA road, Brgy. San Juan-1, Gen. Trias City; at Felina Sanchez, 42, ng 1901 Sitio Tabing Dagat, Brgy. Maliksi 3, Bacoor City.

Sa ulat ng Cavite police, isinagawa ang buy bust operation sa pagitan ng alas-2:30 ng hapon hanggang alas-6:30 ng gabi kung saan unang isinagawa ang operasyon ng mga operatiba ng Station Drug Enforcemnt Unit (SDEU) ng Imus City Police Station sa Brgy Malagasang 1-D, na nagresulta sa pagkakaaresto nina Villalobos, Saguilayan, Alfonso Jr., Torres at Cuenca kung saan nasamsam sa kanila ang tinatayang 1.20 gramo ng shabu na may street value na P8,160,000.

Sa General Trias City, dakong alas-2:30 at 5:00 ng hapon isinagawa ang buy bust operation sa Brgy Buenavista 3 na nagresulta sa pagkakaaresto kay Mendoza kung saan nakumpiska ang tinatayang 0.81 grano ng shabu na may street value na P5,000 habang sa Brgy San Juan 1 naaresto sina Pasuego at Altamerano kung saan tinatayang 0.80 gramo ng shabu ang nasamsam na may street value na P5,000.

Dakong alas-6:30 ng gabi nang nakipagtransaksiyon naman sa isang poseur buyer si Sanchez sa isinagawang buy bust operation ng mga operatiba ng Bacoor City Police sa 1901 Sitio Tabing Dagat, Brgy Maliksi 3 na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto at pagkakakumpiska ng tinatayang 2.5 gramo ng hinihinalang shabu na ma street value na P17,000.

Sa kabuuan, tinataymg 4.30 gramo ng hinihinalang shabu ang nasamsam na may street value na P35,150,00 **GENE ADSUARA**

# Hontiveros questions DOH's claim of 'flattening the curve'

"**WE** have to be honest. Dapat kumpleto at reliable ang mga datos."

This was the statement of Senator Risa Hontiveros during Wednesday's Senate Committee of the Whole as she questioned the Department of Health's claim that the Philippines is 'flattening the country's coronavirus curve', especially that confirmed COVID-19 cases have grown to 12,942 as of today, May 20, 2020, and the country is not reaching its testing target of 20,000 per day.

"Gaano ka-reliable ang datos na naging batayan para masabing na-flatten na ang curve kung 'yung demonstrated testing capacity natin ay parang off-target at paiba-iba kada linggo?" the senator asked government representatives on the country's response towards COVID-19.

Hontiveros cited a study from Johns Hopkins University stating that "flattening the curve involves reducing the number of new COVID-19 cases from one day to the next. This helps prevent healthcare systems from becoming overwhelmed." The senator said that if that decrease in cases is how we can measure the 'flattening of the curve', then the DOH should also communicate if we are indeed decreasing the number of cases daily.


"It's a simple measure that is also easily understandable by many. We need to be consistent in our data, and more importantly, in the data we relay to the public. Napaka-confusing na paiba-iba ang lengguwahe at measures of success natin," the senator said.

Hontiveros also stressed that consistent and accurate data will better assist the government in its decision-making. "Lahat dapat ng ginagawa natin laban sa COVID-19 ay ayon sa tama at reliable na mga datos. We need to ground our policies on the real situation," she urged.

The Senator also expressed concern on the possibility of another strict lockdown. "Hindi pwedeng mag-ease tayo ng lockdown pagkatapos balik na naman kasi mali pala ang ating basa sa sitwasyon — because we did not test enough people, because we did not meet our target of 20,000 tests per day," she said.

"Mahirap sabihin na we have flattened the curve without real and reliable data. We have to be honest: have we really? Let's be clear on our benchmarks and indicators," she added.

"We cannot afford a second or third wave, lalo na kung hindi pa pala tayo tapos sa first wave," Hontiveros concluded. **PR**



**ANG** isa pang pasaway na suspek na si Martin Gustinian, ng Tramo 2, Brgy. San Dionisio, P'que City, na nahulihan ng 3 pirasong plastic sachet ng hinihinalang shabu at tumayong arresting officer si Pat Franklin Garrido sa isinagawang buy bust operation ng SDEU. (JIMMY HAO)

# Damage Assessment isinagawa sa Lalawigan ng Quezon

**LUNGSOD NG CALAMBA, Laguna (PIA)** - Nagsagawa ng Aerial Damage Assessment ang Regional Disaster Risk Reduction and Management Council (RDRRMC) CALABARZON kasama ang Quezon Provincial Disaster Risk Reduction and Management Council (PDRRMC) at Tactical Operations Wing Southern Luzon (TOWSOL) kamakailan sa Lalawigan ng Quezon.

Naglalayon ang assessment na ginanap noong Mayo 17 na agarang makita kung gaano kalaki ang pinsala sa lalawigang isa mga direktang tinamaan ng bagyong Ambo.

"Ang layunin ng aerial damage and needs assessment na ito ay ang makita kung gaano kalaking pinsala ang dinulot ng bagyong Ambo sa lalawigan ng Quezon. Sa pangunguna ng RDRRMC kasama ang Quezon PDRRMC Ang resulta po ng assessment na ito ay ating ipapahayag po sa full council meeting ng regional disaster risk reduction and management council na gaganapin po sa susunod na mga araw," ani ni Alex Czar Masiglat, Information Officer ng Office of Civil Defense IV-A.

Base sa nakita ng team na nagsagawa ng aerial assessment ay minimal lamang ang nakitang pinsala mula sa himpapawid. Kasama sa mga naitala ay mga bahagyang nasirang bahay at ilang pagguho ng lupa sa iba't ibang parte ng Lalawigan ng Quezon.

Maaalala na isa ang lalawigan ng Quezon sa mga matinding tinamaan ng bagyong Ambo. Nagumpisa nila ito maramdaman noong umaga ng Mayo 15 na may dalang malalakas na hampas ng hangin at malakas na pagbuhos ng ulan. Tumama rin sa kalupaan ng San Andres, Quezon and nasabing bagyo ng umaga ding iyon.

"Sa ngayon tututok muna tayo sa rehab and recovery ng mga agricultural aspects kasi eto naman 'yung tinututukan naman talaga ng lalawigan ng Quezon so magbibigay tayo ng mga pananim na aangkop dun sa darating na panahon ngayon. Kung hindi kayang bawiin agad 'yang mga pananim na pangmatagalan magbibigay tayo ng mga pananim na madali na makapaggenerate o produce at para madali din pagkakitaan ng mga mamayan sa Lalawigan ng Quezon at dun naman sa iba naming imprastraktura kagaya ng slope protection, river control para sa ibang bayan na nagkaroon ng pagtaas ng tubig, isasama natin ito sa long term plan sa DRRM," ayon kay Melchor Avenilla, head ng Quezon PDRRMO.

Ang resulta ng aerial damage assessment ay itutugma sa Rapid Damage Assessment and Needs Analisys na ginasawa pa rin sa Lalawigan ng Quezon para mabigyan ng mabilis at pangmatagalan na solusyon ang mga napinsala ng bagyo. **(MBL/ PIA4A)**

# CALL AND COLLECT WITH ACE HARDWARE

**Truly the helpful place, ACE Hardware continues to provide solutions to everything you need for your home repair projects with its Call & Collect service.**

Your home improvement work will be a lot easier with high performance cordless drills / drivers in compact and lightweight designs; while ACE Exclusive hand tools are great for minor repairs like fixing a leaking tap, or repairing broken electrical sockets.

Give your home a fresh new look with lead-free and odorless ACE Paints and painting supplies. Prevent your home from rust and corrosion by spraying ACE Rust Stop paints direct to metal surfaces.

Replacing your lights with LED bulbs is also another way to update your home. Choose from ACE Hardware's wide array of energy saving light bulbs and fixtures as well as durable and high quality extension cords.

How to shop with ACE Hardware's Call & Collect service? Just call or text participating ACE stores, wait for order confirmation and arrange preferred delivery service. Then your items will be delivered it to you immediately.

This service is now currently available in selected ACE Hardware branches located in SM Malls nationwide. In Metro Manila areas, you can Call & Collect at ACE stores at the SM Mall of Asia, SM Aura, SM City Fairview, SM Center Pasig, SM Sucat, SM Marikina, SM Novaliches and SM Muntinlupa. Selected ACE Hardware Call & Collect stores in North and South Luzon areas as well as in Visayas and Mindanao are also included.

You can also shop online for ACE products at www.acehardware.ph, ShopSM, Lazada or Shopee. For more details, you may also want to like our official Facebook page at facebook.com/acehardwarephilippines or follow our official Instagram account, @acehardware_ph.





ACE Hardware's Call & Collect service is now available in selected areas nationwide. Just call or text our store, wait for order confirmation then arrange preferred delivery service.




Give your room a fresh new look with ACE Hardware's paints and paint supplies.



**OMNI's LED lights** and **universal tower extension cord** for your home projects.



ACE Hardware has ACE Paints with over 2,000 colors to choose from for your painting projects.



Always the helpful place, ACE has all the tools you will need for your home improvement projects

Update your home with energy-efficient lighting to help you save on costs. Choose from ACE's wide array of **energy-saving LED Lights**.



Fix your bathroom leaks with ease. ACE Hardware has a quality wrench and other plumbing tools you need.






Lead-free and odorless ACE Essence Acrylic Latex Enamel Paints. You can shop and order these ACE products and other essentials you need for your home projects via ACE Hardware's Call & Collect service or website at www.acehardware.ph.




